Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pang-abay na Panang-ayon, Pananggi, at Pang-agam

Kakayahan: Naitutukoy ang pang-abay sa pangungusap at ang uri nito

Ikahon ang pang-abay sa bawat pangungusap. Isulat sa patlang kung ito ay **panang-ayon**, **pananggi**, o **pang-agam**. Salungguhitan ang salita na binibigyan ng turing ng pang-abay.

_____ 1. Opo, napakaganda ng mga tanawin dito sa Palawan!

_____ 2. Tila naiinis na ang guro sa maiingay na mag-aaral.

_____ 3. Walang maidudulot na kabutihan ang panunukso.

_____ 4. Talagang laging malikot ang batang iyan!

_____ 5. Hindi nakatatawa ang mga biro mo.

_____ 6. Marahil uuwi kami sa probinsiya bago mag-Pasko.

_____ 7. Sige, tutulong ako sa paggawa ng malaking parol.

_____ 8. Tila masyadong mabagal ang takbo ng trapiko ngayon.

_____ 9. Tiyak na mas mahusay sa pagtugtog ang pangkat natin!

_____ 10. Hindi natukoy ang dahilan ng kanyang pagkamatay.

_____ 11. Dumating na yata ang bisita ni Tatay.

_____ 12. Baka magalit si Ate Tina kung kainin mo iyang natitirang *cupcake*.

_____ 13. Siguradong napakahaba ang kuwentuhan ng magkapatid.

_____ 14. Huwag magdala ng anumang uri ng bala sa paliparan.

_____ 15. Ayaw niyang pakinggan ang paliwanag ko.

© 2015 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pang-abay na Panang-ayon, Pananggi, at Pang-agam (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy ang pang-abay sa pangungusap at ang uri nito

Ikahon ang pang-abay sa bawat pangungusap. Isulat sa patlang kung ito ay **panang-ayon**, **pananggi**, o **pang-agam**. Salungguhitan ang salita na binibigyan ng turing ng pang-abay.

panang-ayon 1. Opo, napakaganda ng mga tanawin dito sa Palawan!

pang-agam 2. Siguro naiinis na ang guro sa maiingay na mag-aaral.

pananggi 3. Walang maidudulot na kabutihan ang panunukso.

panang-ayon 4. Talagang laging malikot ang batang iyan!

pananggi 5. Hindi nakatatawa ang mga biro mo.

pang-agam 6. Marahil uuwi kami sa probinsiya bago mag-Pasko.

panang-ayon 7. Sige, tutulong ako sa paggawa ng malaking parol.

pang-agam 8. Tila masyadong mabagal ang takbo ng trapiko ngayon.

panang-ayon 9. Tiyak na mas mahusay sa pagtugtog ang pangkat natin!

pananggi 10. Hindi natukoy ang dahilan ng kanyang pagkamatay.

pang-agam 11. Dumating na yata ang bisita ni Tatay.

pang-agam 12. Baka magalit si Ate Tina kung kainin mo iyang natitirang *cupcake*.

panang-ayon 13. Siguradong napakahaba ang kuwentuhan ng magkapatid.

pananggi 14. Huwag magdala ng anumang uri ng bala sa paliparan.

pananggi 15. Ayaw niyang pakinggan ang paliwanag ko.

© 2015 Pia Noche